

abiotic	abayotik (abiotic)	mga pisikal at di buhay na katangian ng kapaligiran, kabilang ang hangin, tubig, sikat ng araw, lupa, temperatura at klima.
Abrasion	paggasgas	isang uri ng pagguho na nangyayari kapag tinatamaan ng mga sediment na taglay ng hangin ang mga bato at sediment, nagpapakinis at ummuka sa balat ng mga ito.
absolute age	ganap na edad (absolute age)	edad, ayon sa bilang ng taon, ng isang bato o ng iba pang bagay; maaaring matiyak sa pamamagitan ng paggamit ng mga katangian ng mga atom na bumubuo sa mga materyales.
absolute magnitude	ganap na lakas (absolute magnitude)	sukat ng dami ng ilaw na tunay na ibinubuga ng isang bituin.
abyssal plain	patag na abisal (abyssal plain)	patag na lugar sa sahog ng dagat na nasa 4,000 metro hanggang 6,000 metro ng lalim mula sa ibabaw ng tubig, na binubuo sa pamamagitan ng pagkakaipon ng mga sediment.
acceleration	tulin	bilis ng pagbabago ng bilis; maaaring makalkula sa pamamagitan ng paghahati ng pagbabago sa bilis sa panahong kinakailangan upang mangyari ang pagbabago.
acid precipitation	asidong presipitasyon (acid precipitation)	presipitasyon na may pH na mas mababa sa 5.6-na nangyayari kapag ang mga dumi sa hangin mula sa pagsunog ng mga fossil fuels ay hahalo sa tubig sa himpapawid upang bumuo ng mga malalakas na asido na nakakarumi sa tubig, nakapapatay sa mga isda at halaman, at nakakapinsala sa mga lupain.
acid rain	ulan na asido (acid rain)	may-asidong halumigmig, na may pH na mas mababa sa 5.6, na bumabagsak sa Mundo bilang ulan o niyebe at maaaring makapinsala sa mga kagubatan, makasakit sa mga organismo, at makasira sa mga istraktura.
acid	asido	sustansiya na may pH na mas mababa sa 7.
acoustics	akustiko (acoustics)	ang pag-aaral ng tunog.
active immunity	aktibong resistensya	pang-matagalang resistensya sa sakit na naghahantong kapag gumagawa ang katawan ng sarili

		nitong mga antibody bilang tugon sa isang partikular na antigen.
active transport	aktibong paglalakbay	proseso na nangangailangan ng enerhiya kung saan ang mga protina na lumalakbay ay dumidikit sa mga particle at inilalakbay ang mga ito sa cellcell membrane.
adaptation	pag-aangkop	anumang pagbabago sa istraktura o pag-uugali na tumutulong sa isang organismo na patuloy na mamuhay sa isang partikular na kapaligiran.
aerobe	eyrob (aerobe)	anumang organismo na gumagamit ng oksiheno para sa paghinga.
aggression	pagkaagresibo	mapagpilit na pag-uugali, tulad ng pag-aaway na ginagamit ng isang hayop upang pigilin o duminahan ang isa pang hayop upang ipagsanggalang ang kanilang mga anak, ipagtanggol ang teritoryo, o kumuha ng pagkain.
air mass	kumpol ng hangin (air mass)	malaking katawan ng hangin na may parehong katangian ng temperatura at nilalaman na halumigmig bilang bahagi ng ibabaw ng Mundo kung saan ito nabuo.
air resistance	pagsangga ng hangin	puwersa na lumalaban sa paggalaw ng mga bagay na gumagalaw sa himpapawid.
alcohol	alkohol	isang compound, tulad ng ethanol, na nabubuhong kapag ang mga pangkat ng 2OH ay pumalit sa isa o higit pang mga atom ng hydrogen sa isang hydrocarbon.
algae	aldyey (algae)	mga tila-halaman na protists na naglalaman ng chlorophyll at bumubuo ng oxygen bilang resulta ng photosynthesis.
allele	alel (allele)	isang alternatibong anyo na maaaring taglay ng isang gene para sa isang katangian; maaaring maging dominant o recessive.
allergen	allergen	sustansiya that na nagdudulot ng isang reaksiyong pang-allergy.

allergy	allergy	lubos na malakas na reaksiyon ng sistema ng panlaban sa sakit sa isang dayuhang sustansiya.
allotropes	alotrop (allotropes)	iba't-ibang mga anyo ng parehong elemento na mayroong magkakaibang mga istraktura ng molecule.
alloy	alloy	isang halo ng mga elemento na may mga katangiang metaliko.
alpha particle	alpha particle	particle na binubuo ng dalawang proton at dalawang neutron na binubuga mula sa isang namamatay na atomic nucleus.
alternating current (AC)	alternating current (AC)	daloy ng koryente na bumabaligtad sa direksyon ng pagdaloy nito sa isang regular na paraan.
alveoli	albiolai (alveoli)	maliliit at maninipis na pangkat ng mga tila hugis-ubas na nasa dulo ng bawat bronchiole na napapaligiran ng mga capillaries; dito nangyayari ang palitan ng carbon dioxide at oxygen.
amino acid	asidong amino (amino acid)	ang bumubuong sangkap ng ng protina.
amniotic sac	buslo ng matres (amniotic sac)	manipis at puno ng likido na taga-protektang balat na nabubuo sa paligid ng embryo.
amniotic egg	itlog na amniotiko (amniotic egg)	itlog na nababalutan ng matigas na balat at nagbibigay ng isang kumpletong kapaligiran para sa pagkabuo ng embryo; para sa mga reptile, isa itong pangunahing pag-aangkop para sa paninirahan sa lupa.
amplitude	amplitude	isang sukatan ng enerhiyang tagl ay ng isang wave.
anaerobe	aneyrob (anaerobe)	anumang organismo na nabubuhay nang walang oxygen.
angiosperms	andyosperm (angiosperms)	mga namumulaklak na halaman na namumunga ng mga prutas na naglalaman ng isa o higit pang mga buto; mga monocot at dicot.
antibiotics	antibayotik	mga kemikal na nanggagaling sa ilang bakterya na ginagamit upang takdaan ang pagdami ng iba pang bakterya.
antibody	antibody	isang protina na ginagawa bilang tugon sa isang partikular na antigen na

		maaaring dumikit sa antigen at maging dahilan upang hindi ito gumana.
antigen	antidyen (antigen)	anumang komplikadong molecule na dayuhan para sa iyong katawan.
anus	butas ng puwit	butas sa dulo ng daluyan ng tunawan ng pagkain kung saan lumalabas ang mga dumi mula sa katawan.
apparent magnitude	apparent magnitude	sukat ng dami ng ilaw mula sa isang bituin na natatanggap sa Mundo.
appendages	galamay	mga may kasu-kasuhang istraktura ng mga arthropod, tulad ng mga binti, pakpak o sungaw.
aquifer	aquifer	isang patong ng matatagusang bato kung saan maaaring tumagos ang tubig.
artery	arteri (artery)	daluyan ng dugo na naghahatid ng dugo mula sa puso, at mayroong makapal at madaling mabaluktot na pader na gawa sa connective tissue at smooth muscle tissue.
asexual reproduction	pagpaparaming walang pagtatalik (asexual reproduction)	isang uri ng pagpaparami-fission, budding, at regeneration-kung saan ang isang bagong organismo ay umuusbong mula sa iisang organismo at may DNA na kapareho sa pinanggalingang organismo.
asteroid	asteroid	isang piraso ng bato o metal na gawa sa materyal na katulad sa bumuo sa mga planeta; karamihan ay matatagpuan sa asteroid belt sa pagitan ng mga ikutan ng Mars at Jupiter.
asthenosphere	asthenosphere	isang patong ng lupain ng Mundo kung saan lumulutang at umiikot-ukot ang mga plato ng lithosphere.
asthma	hika	sakit sa baga kung saan mabilisang naninikip ang mga tubong bronchial at nagiging sanhi ng kakapusan ng paghinga, pagpito o pag-ubo; maaaring mangyari bilang isang g .
atmosphere	himpapawid	hangin na pumapaligid sa Mundo; binubuo ng mga gas, kabilang ang 78 bahagyang oxygen, at 0.03 bahagyang

		carbon dioxide.
atom	atom	ang pinakamaliit na bahagi ng isang elemento na taglay pa rin ang mga katangian ng elemento na iyon.
atom	atom	mga maliliit na piraso na bumubuo ng matter, na kasali ang mga proton, neutron, at electron.
atomic number	numerong atomiko (atomic number)	bilang ng mga proton sa nucleus ng isang atom.
atriums	atriyum (atriums)	ang dalawang pang-itaas na kuwadra na puso na sabay na kumikipot sa panahon ng pagtibok ng puso.
auxin	auksin (auxin)	hormone ng halaman na nagiging sanhi upang ang mga dahon at tangkay ng halaman ay magpakita ng positibong pagtubo sanhi ng sikat ng araw (phototropism).
average atomic mass	promedyong mass na atomiko (average atomic mass)	ang promedyo na mass ng paghalo ng mga isotope ng isang element.
average speed	promedyong bilis (average speed)	kabuuang distansiya na nilalakbay ng isang bagay na hinati ng kabuuang panahon na kinakailangan upang lakbayin ang distansyang iyon.
axis	aksis (axis)	ang kathang-isip na patayo na linya na tumatagos sa gitna ng Mundo kung saan umiikot ang Daigdig.
axon	akson (axon)	ang istraktura ng mga neuron na nagdadala ng mga mensahe mula sa katawan ng cellcell.